Tagalog

HOLOGIC®

Kit ng Pagkolekta ng Multitest Swab Specimen ng Aptima®

Patnubay sa pamamaraan ng pagkolekta sa pasyente

Para sa mga vaginal swab specimen



Maghugas ng mga kamay bago magsimula. Kung may anumang mga tanong ka tungkol sa pamamaraang ito, mangyaring tanungin ang iyong tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan.

Bahagyang buksan ang swab package at alisin ang swab. Huwag hipuin ang malambot na tip o ibaba ang swab. Kapag nahipo ang malambot na tip, naibaba, o nabitiwan, naitapon, kumuha ng bagong Kit ng Pagkolekta ng Multitest Swab Specimen ng Aptima. **Hawakan ang swab, ilagay ang hinlalaki at hintuturo sa gitna ng tangkay ng swab sa ibabaw ng marka ng linya.**



Maingat na ipasok ang swab sa bukasan ng vagina, mga 2 pulgada (5 cm), at marahang **paikutin ang swab nang 10 hanggang 30 segundo**. Siguruhin na tumama ang swab sa mga dingding ng vagina para masipsip ng swab ang pagkabasa. Alisin ang swab nang hindi dumadampi sa balat.



Habang hawak ang swab sa kamay mo, pihitin para maalis ang takip ng tube. Huwag hayaang matapon ang mga nilalaman ng tube. Kapag natapon ang mga laman ng tube, humingi ng bagong Kit ng Pagkolekta ng Multitest Swab Specimen ng Aptima.



Ilagay agad ang swab sa tube ng pag-transport para ang marka ng linya ay nasa ibabaw ng tube. Ipantay ang marka ng linya sa tuktok na dulo ng tube at maingat na putulin ang tangkay ng swab.

Tandaan: HUWAG ipasok ang marka ng linya sa ibaba ng pinakaituktok na dulo ng vial. HUWAG itulak ang swab sa ilalim ng vial.

Itapon ang itaas na bahagi ng shaft. Mahigpit na pihitin ang takip sa tube. Isauli ang tube ayon sa tagubilin ng iyong tagapagbigay ng pangangalaga ng kalusugan.

Maaaring may mga pagsasaling-wika para sa patnubay sa pagkolekta. Mangyaring magtanong sa iyong Hologic rep para sa lahat ng mga patnubay sa pagkolekta.

Ibinibigay ng Hologic ang patnubay sa pamamaraan ng pagkolekta bilang pangkalahatang kasangkapan lang; hindi ito apirmatibang tagubilin o garantiya ng pagganap. Sariling responsibilidad ng klinisyan na basahin at unawain ang angkop na package insert at sumunod sa angkop na mga patakaran at regulasyon ng lokal, estado at pederal.

hologic.com | diagnostic.solutions@hologic.com | 1.888.484.4747

Sanggunian: Kit ng Pagkolekta ng Multitest Swab Specimen ng Aptima - Pagkolekta sa pasyente. U.S. Package insert AW-26254-001. Hologic, Inc.; 2022.

DS-01553-10001 Rev. 007 © 2024 Hologic, Inc. All rights reserved. Ang Hologic, Aptima at mga kaugnay na logo ay mga marka ng negosyo o trademark at/o nakarehistrong trademark ng Hologic, Inc. at/o mga subsidiyaryo sa Estados Unidos at/o mga ibang bansa. Ang impormasyong ito ay nilalayon para sa mga medikal na propesyonal sa U.S. at mga ibang merkado at hindi nilalayon bilang solisitasyon ng produkto o promosyon kung saan ang mga nasabing aktibidad ay pinagbabawal. Dahil pinamimigay ang mga materyales ng Hologic sa pamamagitan ng mga website, eBroadcast at mga tradeshow, hindi laging posibleng kontrolin kung saan lalabas ang mga nasabing materyales. Para sa partikular ng impormasyon kung anong mga produkto ang maaaring itinda sa partikular na bansa, mangyaring kontakin ang iyong kinatawan ng Hologic o sumulat sa **diagnostic.solutions@hologic.com**.